LALAWIGAN NG SAN DIEGO



PROGRAMA NG PANGANGALAGA SA WATERSHED



# Pagkakantero at Semento

Sinusuportahan ng ***Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng County ng San Diego*** ang mga negosyo sa kanilang mga pagsusumikap upang maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay nitong mahalagang Mga Pinakamagandang Kasanayan sa Pamamahala (Best Management Practices, mga BMP) ng Tubig mula sa Malakas na Buhos ng Ulan (Stormwater).

! HINDI GINAGAMOT ang tubig na pinakakawalan sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa County ng San Diego bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay ipinagbabawal na makaalis sa iyong ari-arian at makapasok sa mga kalsada o mga storm drain. Tubig ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain. ***Makakatulong ang mga payo na ito na partikular sa mga negosyo ng pagkakantero at semento na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig.***

- Panatilihing may takip, may harang, wala sa lupa, at malayo sa mga kanal ang mga stockpile ng materyal.
- Gamiting muli at i-recycle ang mga materyal kapag maaari.
- Gumamit ng mga tuyong paraan ng paglilinis tulad ng pagwawalis, pagpupunas, pagva-vacuum, o pagkakalaykay.
- Limitahan ang paglilinis at paghuhugas ng gamit sa itinalagang lugar kung saan kontrolado ang tubig mula sa paghuhugas.
- Markahan ang lahat ng kongkretong lugar para sa paghuhugas.
- Protektahan at takpan ang mga nasa malapit na inlet ng storm drain na magkalapit upang maiwasang makapasok sa storm drain system ang durog na kongkreto at kontaminadong tubig mula sa paghuhugas.
- Ipunin at itapon nang tama ang lahat ng basura nang alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon.
- Ang mga likidong basura (liquid waste) ay maaaring itapon sa pamamagitan ng pagpapatuyo sa materyal sa isang 10 milimetrong patong ng plastic. Kapag natuyo na, maaari nang itapon sa basurahan ang basura.

! **Ang direkta o hindi direktang pagpapakawala ng mga pollutant sa storm drain system o mga daanan ng tubig ay paglabag sa Ordinansa sa Pangangalaga sa Watershed ng County (Watershed Protection Ordinance, WPO).** ***Kinakailangang sumunod ang iyong negosyo sa WPO at sa pinakamababang mga BMP na binanggit sa itaas.***

maaari nating **pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig** sa kaunting hakbang lang.

**salamat** sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.

***Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.***

HUNYO 2022